Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

76

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MARSO 30, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano | ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad-opisyal |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 091-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGKAKAROON NG PONDONG NAGKAKAHALAGA NG PITUMPU'T LIMANG LIBO LIMANG DAAN WALUMPU'T WALONG PISO (P75,588.00) UPANG ILAGAY SA PONDONG OTHER PERSONAL BENEFITS (MONETIZATION) NA MANGGAGALING SA PONDO SA BAKANTENG POSISYON NG PAMBAYANG INGAT-YAMAN MULA SA BUWAN NG ENERO HANGGANG MARSO, 2009, PARA SA MONETISASYON NG LEAVE CREDITS NG MGA KAWANI.**

**SAPAGKA'T**, may pagliliwat sa sangguniang ito ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas hinggil sa kahilingan ng Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na magkaroon at lagyan ang Pondo sa Monetisasyon na nagkakahalaga ng P75,588.00 para sa kapakanan ng mga kawani;

**SAPAGKA'T**, walang inilaang pondo ang pamahalaang bayan para sa monetisasyon sa taong ito;

**SAPAGKA'T**, nagkaroon ng rekomendasyon ang Lupon sa Pananalapi ng sangguniang ito na makapaglagay ng pondo mula sa bakanteng posisyon ng Pambayang Ingat-Yaman mula sa buwan ng Enero hanggang Marso ng taong ito, matapos na ito ay matalakay sa kapulungan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jun M. Asinas (Kasapi ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

### KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 07-T2009

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Magkaroon at maglagay ng pondong nagkakahalaga ng P75,588.00 para sa Pondong Other Personal Benefits (Monetization) na magmumula sa pondo sa bakanteng posisyon ng Pambayang Ingat-Yaman mula sa buwan ng Enero hanggang Marso, 2009, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, at Pambayang Pinuno sa Badyet, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**KGG. OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**KGG. ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**KGG. JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
STA. CRUZ, LAGUNA
RECEIVED BY:
NAME:
DATE: 04/16/09
TIME: 10:05

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
April 13, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. Jeanette P. Alfonso**, *Secretary*, the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 092 and 093 - T' 2009**, duly approved by the undersigned.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor